TOMO 10 BILANG 7 | ISSN NO. 2599-5405 | HULYO 2023

SULONG
ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

# CARD MRI MEDIA LAKBAY ARAL ISINAGAWA SA VIGAN CITY

***ni Josephine Ramos***



*Kabilang sa litrato ang ilan sa mga media practitioners na nakilahok sa Media Lakbay Aral sa Vigan City na nagkaroon ng karanasan sa paghahabi gamit ang telang abel sa tulong ni tita Gundelina Cerezo mula sa Itneg Tribe, isa sa mga nagpatuloy ng pamana sa paghahabi.*

Nagsagawa ang CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ng Media Lakbay Aral sa makasaysayang lungsod ng Vigan City noong Hunyo 21-23, 2023.

Ang nasabing lakbay aral ay isang programang naglalayong bigyang karanasan ang *media practitioners* tungkol sa *microfinance* at *community development programs* ng CARD MRI upang magkaroon ang mga ito ng mas malalim na pang-unawa sa layunin ng industriya ng *microfinance*.

Dinaluhan ang programa ng sampung *media practitioners* na nagmula sa Bulacan, Tarlac, Pangasinan, at Ilocos Sur. Kabilang dito sina Hilda Austria (Bureau Chief of Philippines News Agency), Romel Aguilar (Content Writer of Ilokano Avenue), Minerva Caburnay (Anchor of DWPR Radyo Pilipino), Joyah Mae Quimoyog (Manager of PIA Ilocos Sur), Aila Villanueva (Information Officer 1 of PIA Ilocos Sur), Simon Francis Vistro (Digital Content Creator of What's Up Dagupan?), Cesar Ramirez (Photojournalist of Philippine Star), Reynaldo Afroilan (Advertising & Circulation Manager of Ariwanas Magazine), Bonifacio Dacayanan (Publisher of Facts and Figures 2

## INTERNATIONAL INSURANCE EXPERT GAGAWING MODELO ANG CARD MBA SA GOLD STANDARDS NITO

***ni Jeffrey Tandingan***

Binisita ng CIC Insurance Group Limited mula sa Kenya ang CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA), Inc. para sa isang *microinsurance exposure visit* nito noong Mayo 28 hanggang Hunyo 3, 2023.

Ang isang linggong *exposure* ng CIC Group 2

### KWENTONG TAGUMPAY

## TAGUMPAY MULA SA PAGGAWA NG SOUVENIRS

***ni Josephine Ramos***

Kilala ang Vigan City bilang isang sikat na destinasyon dahil sa mayaman nitong pamanang kultural. Ang turismo sa lugar ay nagbukas ng mga oportunidad para sa maraming Ilokano, kabilang si Lucila Datuin mula sa Bantay, Ilocos Sur.

Si Lucila ay nanirahan at nagtapos ng *high school* sa Ilocos Sur at nagpasyang 3

Basahin ang isyung ito upang manalo ng **₱50.00** load via konek2CARD!

**Sa anong lugar sa Pilipinas idinaos ang Media Lakbay Aral?**

Ikomento ang inyong kasagutan sa aming KOAderno post sa aming official facebook page @PublishingHouseInc.



# CARD MRI MEDIA ... 1

Newsweekly), at Luisito Angeles (President of PAPER PH. Inc).

Kinilala ng CARD MRI Publishing House President na si Marilyn M. Manila ang papel na ginagampanan ng *media practitioners* sa pagpapalaganap ng mahalaga at kapaki-pakinabang na impormasyon sa publiko. Sa tulong ng programang ito, mas magiging matibay ang koneksyon sa pagitan ng organisasyon at ng *media* upang makapagbigay pag-asa at inspirasyon sa maraming komunidad tungo sa pag-unlad.

Bahagi ng programa ang pagbisita sa mga komunidad na tinutulungan ng CARD MRI sa Vigan at Abra sa pamamagitan ng Bisita Balay Tour na hatid ng Hijos Tours. Nakibahagi ang *media practitioners* sa *heritage tour* at nagkaroon ng makabuluhang paglalakbay habang niyayakap ang makasaysayang pamana at kultura ng komunidad ng Ilokano.

Nagkaroon din ng *tie-dying experience* ang mga media sa Peñarrubia, Abra, pagbuburda kasama ang Itneg tribe, dumalo sa isang empanada at *pottery demo*, at sumakay ng kalesa sa makasaysayang kalsada ng Calle Crisologo.

Ang iba't ibang opisina ng CARD MRI ay binisita rin ng mga kalahok gayundin ang ilan sa mga *center meeting* ng mga miyembro nito upang makakuha nang mas malalim na pang-unawa sa produkto at serbisyo ng institusyon.

"Layunin naming paunlarin ang komunidad at gawin itong posible sa tulong ng iba't ibang organisasyon gaya ng *media practitioners* mula sa *print media*, *radio station, tv station* at iba pang *media outlet* na may layunin ding magpakalap ng kapaki-pakinabang na impormasyon at mga kwentong magbibigay inspirasyon sa marami," saad ni Manila.

Ang susunod na Lakbay Aral ay nakatakdang isagawa sa Davao at Maynila sa darating na Agosto at Setyembre 2023.






## INTERNATIONAL INSURANCE ... 1



*Bumista ang CIC Insurance Group Limited mula sa Kenya kasama sina Group Chairman Dr. Nelson Kuria (ika-5 mula sa kaliwa), ang Group Chief Executive Officer Mr. Patrick Nyaga (ika-4 mula sa kaliwa), at CIC Life Assurance Ltd. Managing Director Mr. Meshack Miyogo (ika-6 mula sa kaliwa), sa CARD center meeting upang matuto sa microinsurance ng Pilipinas.*

*leaders* sa operasyon ng CARD MBA ay isang paraan upang alamin ang sistema ng microinsurance-MBA (MI-MBA) sa pagtatatag ng *microinsurance* tungo sa pagbuo ng mas mahusay at abot-kayang produkto ng *insurance* sa Africa.

Ang CIC Group ay isang pinagkakatiwalaang *cooperative enterprise* at *micro-insurer* na nagbibigay ng proteksyon sa *African clients* sa pamamagitan ng abot-kayang *insurance* at *financial services* na naaayon sa kanilang mga pangangailangan.

**Pagtugon sa kakulangang proteksyon**

Bagama't nag-aalok ang CIC Group ng malawak na hanay ng produkto ng *insurance* tulad ng *motor insurance, medical insurance, personal accidents* at iba pa, ang *group executive* ay naghahangad din na madala ang mga ito sa mahihirap na komunidad sa Kenya, Uganda, Malawi at South Sudan.

Bilang ang CARD MBA ang isa sa mga nangunguna sa pagbibigay ng proteksyon sa mga Pilipinong mahihirap, pinag-aralan ng mga diektor ng CIC Group ang mga pamamaraan ng *microinsurance* nito pagdating sa programa, *distribution model* sa mga produkto at teknolohiya nito.

"Matagumpay na naitatag ng CIC Group ang *insurance*, ngunit hindi pa kami nakagagawa ng *microinsurance* kaya't kinakailangan naming magpunta sa Pilipinas upang makita at alamin ang ginagawa ng CARD MBA. Sa ngayon, nakita namin ang husay ng modelo at teknolohiya ng institusyon, amin itong tutularan para sa aming komunidad na walang proteksyon at seguridad," saad ni Group Chief Executive Officer Mr. Patrick Nyaga sa salitang ingles.

Ibinahagi rin ng Group Chairman ng CIC Group na si Dr. Nelson Kuria na ang CARD MBA ay may pagkakaisa. "Ang aming pagbisita sa Pilipinas ay nagbigay sa amin ng mas malinaw na kaalaman kung paano namin gagawin ang *microinsurance* sa aming bansa. Tila isang *one-stop shop* ang CARD MBA dahil sa buong programa nito sa pagtulong." Sinabi rin ni Dr. Nelson na ang CIC Group at CARD MBA ay parehong nagtataguyod sa kaunlaran ng komunidad.

Idinagdag din ni Dr. Kuria na bilang isang kooperatiba, tungkulin ng CIC na dalhin ang *microinsurance* sa 4

## KWENTONG TAGUMPAY

# TAGUMPAY MULA SA PAGGAWA ...


*Patuloy na hinahabi ni Lucila Datuin ang Abel Iloco upang mapanatiling buhay ang pamana ng Ilocos Region*

ituloy ang kanyang kolehiyo sa Maynila. Nagtapos siya ng *business administration* at kalaunan ay nagtrabaho bilang isang *marketing staff* sa isang *restaurant*.

Nakilala niya ang kanyang asawa sa Maynila at nagkaroon ng dalawang anak. Sa kasamaang palad, makalipas ang 15 taon ng pagsasama ay pumanaw ang kanyang asawa kaya't nagpasiya siyang iwan ang kanyang trabaho at bumalik sa Ilocos kasama ang kanyang mga anak. Bagama't lumaki siya sa Ilocos Sur, nahirapang muli siyang magsimula dahil marami ng nagbago sa lugar.

### Mga hibla ng pag-asa

Sa pagbalik ni Lucila sa Bantay, humanap siya ng posibleng maging hanapbuhay. Nagtinda siya ng isda at *street food* ngunit hindi ito naging sapat para matugunan ang kanilang mga pangangailangan.

Habang nagtitinda ng isda, napansin niya ang isang manghahabi na may dalang telang abel at mula rito ay nagkaroon siya ng ideya na gawin itong bag. Hindi nagdalawang isip si Lucila at bumili ng dalawang yarda ng tela upang gumawa ng anim na maliliit na bag.

Naging sunod na hakbang ni Lucila ang maghanap ng mga potensyal na mamimili ng mga ito. Dahil matagal siyang nanirahan sa Maynila, wala siyang koneksyon sa Vigan City kaya't pumunta siya sa mga *souvenir shop* at ipinakilala ang kanyang produkto.

Naging hamon para kay Lucila ang pagsisimula ng negosyo taong 2007. Madalas noong nakatatanggap ng batikos at mga pagtanggi ang kanyang produkto mula sa mga *souvenir shop*, ngunit hindi siya pinanghinaan ng loob.

Sumubok siya sa iba pang *souvenir shop* hanggang sa makakita ng handang tumanggap ng kanyang produkto at ibenta ito sa iba. Agad na bumalik si Lucila sa *shop* na iyon upang tingnan ang kanyang ginawang bag. Nakita niya ang interes ng mga turista sa kanyang mga likha kaya't lalo siyang nagsumikap.

Sa mga sumunod na taon, nalaman niya na ang mga wallet na gawa sa abel at mga banig ang patok sa mga mamimili. Ginawa naman niya ito at dumami ang order na kanyang natanggap dahilan upang kumuha siya ng mga tauhan upang tumulong sa produksyon ng kanyang negosyo.

Naging *supplier* din siya ng ilan sa mga nangungunang *tourist destination* sa Vigan, tulad ng Heritage at Baluarte.

Sumasabay rin sa pagbabago ang kanyang negosyo habang gumagawa siya ng mga dekalidad na produkto. Ngayon, gumagawa na rin siya nga mga *printed shirts, tote bag,* at *wallet*.

### Hamon tungo sa tagumpay

Patuloy na sinubok ng mga hamon si Lucila. Ang mga dati niyang tauhan ay gumawa ng kanilang sariling negosyo at kinalaban ang kanyang negosyo. Lingid sa kanyang kaalaman na ang pagtulong niya sa iba ay magiging daan upang angkinin ang mga sarili niyang disenyo.

Ang kanyang mga katunggali sa merkado ay nag-alok nang gaya ng kanyang mga produkto sa mas mababang presyo kaya't napilitan si Lucila na tapatan ang kanilang mga presyo. Naghanap din si Lucila ng iba pang tela na ginamit niya sa paggawa ng kakaibang disenyo ng *souvenir* kumpara sa iba.

"Matanda na ako at ang aking mga kakayahan ay hindi na katulad ng dati, ngunit hindi ko hahayaang maapektuhan ng hamon na ito ang aking pinaghirapang negosyo," pahayag ni Lucila. Upang mapanatili ang kanyang mga mamimili, palagi niyang inuuna ang pabago-bago at iba't ibang pangangailangan ng mga ito, kasabay ng pagbibigay ng mahusay na serbisyo.

Mula sa isang pangarap, nagsimula si Lucila gamit ang isang *portable machine* hanggang makabili ng *high-speed machine* noong 2007, gamit ang kanyang *loan* mula sa CARD, Inc. (A Microfinance NGO). Ngayon, si Lucila ay mayroon ng anim na tauhan.

### Pagkamit ng Tagumpay

Dahil sa kanyang dedikasyon, kinilala si Lucila sa Galing ni Nanay Awards, isang pagkilalang ibinibigay ng CARD MRI para sa mga natatanging *microentrepreneur clients* nito noong 2013 at muling kinilala bilang Gawad Maunlad Awardee ng Pagkilala sa Mga Likha ni Inay taong 2018.

Nagtayo rin si Lucila ng dalawang bahay, dalawang *apartment*, nakabili ng lupa pati narin ng tatlong sasakyan na kanyang ginagamit sa paghahatid ng mga *orders* katulong ang kanyang anak.

"Manatiling determinado sa mga layunin anuman ang hamon na dumating," payo ni Lucila. Sa mga susunod na taon, nakikita ni Lucila na ang kanyang negosyo ay makikilala at magkakaroon ng tatak sa Vigan City.



## INTERNATIONAL ... 2

pinakamababang antas ng komunidad. "Layunin naming maiahon ang komunidad sa kahirapan at gabayan sila sa pag-unlad."

Ang daloy ng *center meetings* ng CARD, *microinsurance collection* ng *premium* at *validation, claims processes* at *settlement*, at ang operasyon ng *provincial offices* ay nasaksihan ng tatlong CIC Group executives, kaya't nagkaroon sila ng kaalaman kung paano ginagawa ang *microinsurance* sa Pilipinas at kung paano ito nagbibigay ng seguridad sa kinabukasan ng pamilyang Pilipino.

Naniniwala si Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang Founder and Chairman Emeritus ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), isang grupo ng mga institusyong nakatuon sa pag-unlad, na ang pagtataguyod ng seguridad at proteksyon ay magbibigay ng magandang kinabukasan. "Palaging makipagtutulungan ang Asosasyon sa mga *international insurance experts* upang maitaguyod ang *insurance* sa buong mundo, magbigay proteksyon sa mga mahihirap, at paunlarin ang komunidad."

Ang kahalagahan ng kaugalian at karakter na ipinakita ng mga kawani ng CARD sa paghahatid ng serbisyo ay nasaksihan ng mga sektor sa *global industry*. Dalawa sa nagbibigay kontribusyon ng tagumpay sa *microinsurance* ay ang dedikasyon at determinasyon ng mga tao sa likod ng CARD.

"Aming tutularan ang pagpapahalaga ng Asosasyon sa pangangailangan ng mga kliyente nito. Sa tulong ng CARD MBA, patuloy naming palalawakin ang aming kaalaman hanggang sa makapag-abot din kami ng mahusay na serbisyo sa aming komunidad," ani CIC Life Business Managing Director na si Mr. Meshack Miyogo sa salitang ingles.

"Ang pagbisita ng CIC Group sa Asosasyon ay nagpapaalala sa atin kung paano nagbunga ang ating mga pagsisikap maging sa labas ng bansa. Lubos ang kasiyahan ng CARD MBA sa pagbabahagi ng aming kaalaman sa MI-MBA upang bigyang proteksyon at seguridad hindi lamang ang mga Pilipino, kundi pati na rin ang mga komunidad sa labas ng bansa na patuloy na nabubuhay sa kahirapan," saad ni CARD MBA CEO Jocelyn D. Dequito, habang nagagalak sa paggabay ng CARD MBA sa isa sa mga pinakamalalaking sektor ng *insurance* sa Africa.

Matapos ang isang linggong pagbisita, ang CARD MBA ay magbibigay ng *technical assistance* sa CIC upang gabayan sila sa pagtatag ng *microinsurance services* sa Africa.

Ang 22.8 milyong *insured individuals* ng CARD MBA ay ang pinakamalaking bilang ng *insurance coverage* ng MI-MBA sa Pilipinas. Kilala rin ang Asosasyon sa pangako nitong magbabayad ng *claims* sa loob ng 8-24 na oras. Ang Asosasyon ay isa ring miyembro ng institusyon ng CARD MRI na naglalayong wakasan ang kahirapan sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagbibigay ng akses sa *financial services, microinsurance, health, education* at *capacity-building programs*.




## SINEMAYA CINEMA TOUR NAGTUNGO SA NORTE

*ni Harlene Joy Reyes*



Ipinagpatuloy ng SineMaya, ang kauna-unahang short film festival sa Philippine microfinance, ang cinema tour nito sa Baguio City noong Hulyo 1, 2023.

Napanood ng mga kliyente, kawani, at iba pang stakeholder ng microfinance ang siyam na pelikulang ginawa ng mga kliyente ng CARD MRI na nagbahagi ng kani-kanilang kwento ng tagumpay.

"Ang SineMaya ay isang paraan upang maibahagi ng mga ordinaryong Pilipino ang kanilang mga kwento ng pakikibaka at determinasyon upang bumuo ng daan para sila ay marinig at maintindihan at bumuo ng inspirasyon para sa marami," sabi ni Dr. Alip.

Dalawang finalists mula sa 2022 SineMaya Film Fest ang dumalo sa film showing. Ang mga ito ay ang Community Development Awardee for Agriculture Na'ng Nagkatagpo, Nag-Sandigang Mangarap ng SK Ankileng mula sa Mountain Province; at ang People's Choice Awardee Tinig ng Tahimik ng SK Baclig 2 Center mula sa Ilocos Sur. Ang parehong center ay nagmula sa CARD, Inc. (A Microfinance NGO).

**Higit pang kwento ng inspirasyon**

Bukas na ang 2023 Sinemaya community short film festival sa lahat ng microfinance institutions sa bansa. Ang pagtuklas sa sariling potensyal at kakayahan sa sining habang nagbibigay ng inspirasyon sa iba gamit ang sariling karanasan ay abot na ng bawat miyembro ng microfinance institutions saan mang sulok ng bansa.

Para malaman ang susunod na Sinemaya cinema tour at ang susunod na Sinemaya community short film festival, bisitahin ang MFI Newswire website sa mfinewswire.com, at sa Facebook page nito, @MFI Newswire.

SULONG
ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Dr. Edmund G. Centeno
Editor-in-Chief

Cyrene Grace DC. Lubigan
Managing Editor

Jeffrey C. Tandingan
Associate Editor

Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Medel E. Valencia
Berwyn Lloyd D. Buenaseda
Layout Artists

Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Writers